



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan - Modyul 3: Ang Impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Filipino



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


**Manunulat:** Rangie L. Bagasan
Mizpa R. Ando
**Editor:** Aiza A. Zulueta
**Tagasuri:** Ronel L. Fernadez
Kristian P. Roxas
Crisente P. Talitayan
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** Rangie L. Bagasan
Mizpa R. Ando

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Schools Division Superitendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS – LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

- Matatalakay ang impluwensya ng mga Espanyol sa kultura ng mga Pilipino



# Balikan

**I. Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) Ano ang tawag sa isang patakaran ng tuwirang pagkontrol ng malakas na bansa sa isang mahinang bansa?

A. caravel C. kolonya
B. compass D. kolonyalismo

2.) Ano ang tawag sa bansang tuwirang kinontrol at sinakop ng isang makapangyarihang bansa?

A. caravel C. kolonya
B. compass D. kolonyalismo

3.) Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pagsakop ng Espanya sa Pilipinas, MALIBAN sa isa. Alin ito?

A. Para maangkin ang mga likas na yaman ng bansa
B. Para mapalaganap ang Kristiyanismo sa Pilipinas
C. Para mapalaganap ang Islam sa buong kapuluan
D. Para maging tanyag sa Europe sa paggalugad ng mga bagong lupain

4.) Ang ekspedisyon ni Magellan ang pinakaunang ekspedisyong nakarating sa Pilipinas. Paano niya natuklasan ang ating bansa?

1. Dahil upang ipalaganap ang relihiyong Kristiyano sa bansa
2. Dahil sa paghahanap ng bagong ruta patungo sa Moluccas Islands
3. Dahil sa pakikipagkalakalan ng mga Espanyol sa mayamang bansa
4. Dahil sa paghahanap ng mga bagong ruta patungo sa iba't ibang bansa

A. 1 at 2 C. 1, 2 at 3
B. 2 at 3 D. 1, 2, 3, at 4

5.) Sang-ayon ka ba sa hangarin ng mga Espanyol na manakop kung kaya't naging abala sila sa pagtuklas ng mga bagong lupain?

1. Hindi, dahil iyan ay makasariling layunin na ikapapahamak natin.
2. Oo, dahil magandang ambag naman sa ating lahi ang Kristiyanismo.
3. Oo, dahil wala naman tayong magagawa dahil mayamang bansa sila.
4. Hindi, dahil iyan ay nagdadala ng kaguluhan sa atin at maging sa buong bansa.

A. 1 at 4 C. 1, 2 at 3
B. 2 at 3 D. 1, 2, 3, at 4

| Aralin 3 | Ang Impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Filipino |
|---|---|



## Tuklasin

Upang makamit ang layunin ng paksang ito, atin munang pagnilayan ang mga maaaring maging angkop na kasagutan sa mga tanong sa loob ng kahon.

1. Sa makabagong henerasyon ngayon, kailangan mo pa bang linangin ang mga kulturang naging impluwensya ng mga Espanyol? Bakit?

**Sagot:** ___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

2. Sa iyong palagay, mayroon kayang sariling kultura ang mga sinaunang Pilipino bago dumating ang mga Espanyol sa ating bansa?

**Sagot:**

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

**Pagbabagong Pangkultura sa Ilalim ng Kolonyalismong Espanyol**

Sinakop ng mga Espanyol ang ating bansa sa loob ng tatlong daan tatlumpu't tatlong taon *(333 years)*at malaki ang naging pagbabago sa istilo ng mga tahanan at gusali sa Pilipinas. Malaki rin ang naging impluwensya ng mga Espanyol sa kultura ng mga Filipino.

Bibigyang-pansin sa araling ito kung paano binago ng mga Espanyol ang sariling kultura ng mga Filipino tulad lamang ng mga pananamit at palamuti, pagkain o lutuin, arkitektura, sining, panitikan, musika, sayaw, at mga pagdiriwang, sistemang pang-edukasyon, wika at Sistema ng pagsulat, at pagpangalan.

**Pananamit at Palamuti**



Peineta



Mantilla




Camisa Chino





Ipinakikilala ng mga Espanyol ang pagsusuot ng *camisa chino*, pantalon, sombrero, tsinelas, *ropilla*, at sapatos para sa kalalakihan. Ito ang pumalit sa bahag at kanggan na dating isinusuot ng mga katutubo. Ang kababaihan naman ay patuloy na nagsusuot ng baro't saya na kalaunan ay naging kimono. Nagsuot din sila ng *mantilla* o itim na balabal, *panuelo* o malaking panyo na ipinapatong sa balikat. Patunay ditto an gating pambansang kasuotan, barong tagalog sa lalaki at baro't saya sa babae. Pati ang pagsusuot ng palamuti ng mga Filipino ay naimpluwensyahan din ng mga Espanyol tulad ng pagsusuot ng *peineta* o pangganyak na suklay sa buhok, at iba't-ibang hugis at laki ng hikaw.

# Pagkain o Lutuin


Afritada


Menudo


Letche Flan


Paella


Relleno


Callos

Kasabay ng pagdating ng iba't ibang prutas at gulay mula sa Kanluran ay ang pagpapakilala ng sari-saring lutuing Espanyol sa mga Filipino. Halimbawa nito ay *menudo, afritada, relleno, mechado, paella, pochero, caldereta, callos,* at *leche flan.* Nadagdagan din sa hapagkainan ng mga Filipino ang mga nakapreserbang pagkain tulad ng hamon, sardinas, longganisa, at mga pagkaing de-lata.

**Arkitektura**

Noong simula ay yari lamang sa kawayan, pawid, at nipa ang mga simbahan. Sa pangambang madali itong masira ng sunog, lindol, at ulan, at bilang paraan narin ng panindak ng mga Filipino, ay gumamit sila ng higit na matibay at matatag na mga materyales. Ang San Agustin at Manila Cathedral sa Intramuros ay dalawa lamang sa maraming simbahang Katoliko na itinayo ng mga Espanyol sa Pilipinas.

**Sining**







Kalimitang ipininta at inukit ang wangis ng mga santo, Birhing Maria, ang Banal na Santatlo, at ilang mahalagang tagpo sa Bibliya. Nag-ukit din sila ng mga disenyo sa pintuan, haligi, sulok, at pulpit ng simbahan, gayundin sa *carroza* o sasakyan ng mga imahen ng santo tuwing may prusisyon.

**Panitikan**

Upang mapabilis ang pagpapalaganap ng mga aral ng Kristiyanismo, dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang sistema ng palimbagan. Ipinasunog ang ilang nasulat sa katutubong panitikan at napalitan ng mga kuwento ng pagpapakasakit ni Kristo at ang pangako niyang buhay na walang hanggan.

**Musika, Sayaw, at mga Pagdiriwang**





Madaling natutunan ng mga Filipino ang pagtugtog ng mga instrumentong pangmusika tulad ng pluta, biyolin, harpa, at piano, na dala ng mga Espanyol sapagkat kahalintulad ito ng mga instrumentong katutubo sa kanila.

Nahaluan din ng impluwensiyang Kanluranin ang mga katutubong sayaw ng mga Filipino.Sinayaw ang Itik-itik at Tinikling sa indayog at tempo ng *la jota* at polka. Ang dinala nilang sayaw na *jota* ay nagkaroon ng magkakaibang

bersiyon sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas. Ang sayaw nilang *fandango* ay kinikilala sa

bansa na pandanggo sa ilaw. Kapuwa naging sikat na sayaw sa mga pista at pagdiriwang sa panahong iyon ang *la jota* at pandanggo. Ang ilang galaw naman sa cariñosa, sayaw Santa Isabel, at iba pang sayaw ng pag-ibig at pananampalataya sa mga santo ay hango sa waltz.

Isa na sa pinakamahalagang halimbawa ng impluwensiyang Espanyol ang pagdiriwang ng Pista sa Pilipinas. Ang pinakapopular dito ang Ati-Atihan na pinagdiriwang sa Kalibo Aklan.

**Sistemang Pang-edukasyon**

Ang mga pari ang nangasiwa sa Sistema ng edukasyong pinairal ng mga Espanyol sa Pilipinas. Layunin ng Spain na turuan ang mga Filipino na mamuhay ayon sa pamamaraang Kristiyanismo. Malaking bahagi ng Edukasyon ng mga Filipino noon ang Spanish. Nagtayo ng iba't ibang paaralan at kolehiyo ang mga ordeng panrelihiyon sa mga pook kung saan sila nakatalaga.

Ang unang paaralang itinayo ay ang mga paaralang pamparokya kung saan itinuturo ang mga asignaturang tulad ng relihiyon, Spanish, pagsulat, pagbasa, aritmetika, musika, sining at mga kasanayang pangkabuhayan. Sumunod na itinayo ang kolehiyo para sa mga kalalakihan. Dito itinuturo ang mga wikang Spanish, Greek, at Latin, gayundin ang pilosopiya, matematika, agham, at sining.

Nagtayo rin ng kolehiyo para sa kababaihan. Layunin ng mga kolehiyong ito na ihanda ang kababaihan sa pag-aasawa o sa pagpasok sa kumbento. Kabilang sa mga asignaturang itinuturo dito ang kagandahang asal, musika, pananahi, at pag-aayos ng tahanan.

May mga paaralan ding itinayo upang magturo ng edukasyong bokasyonal. Itinuro dito ang mga kasanayan tulad ng asignatura, pag-iimprenta, pagkakarpintero, at pagkukulay ng tela.

**Wika at Sistema ng Pagsulat**

Bago ang ika-19 na siglo, hindi itinuturo sa mga paaralan ang wikang Spanish. Hindi ito pinahihintulutan ng Simbahan bagkus ay hinihikayat ang mga prayle na aralin ang wikang katutubo. Noong 1593 inilimbag ang kauna-unahang aklat sa Pilipinas, ang *Doctrina Cristiana* - isang aklat-dasalan na nasusulat sa Spanish at may kasamang pagsasalin nito sa wikang Tagalog-na para lamang sa mga prayleng Espanyol. Mula rito binigkas nilang paulit-ulit ang mga dasal sa wikang katutubo. Kalaunan ay nagdesisyon ang mga misyonerong Espanyol na umupa ng mga katutubong gagawa ng trabahong ito. Dito nagsimula ang pagkatuto ng ilang katutubo na magsulat sa Spanish at katutubong wika.

**Pagpangalan**

Nagbago rin ang paraan ng pagpangalan ng mga Filipino. Batay sa kautusan ni Gobernador-Heneral Narciso Claveria Bautista-ang Claveria Decree of 1849-binigyan ng apleyedong Espanyol ang mga Filipino tulad ng dela Cruz, del Rosario, de los Santos, at Santiago. Nakatala ang mga ito at mahigit 61,000 mapagpipiliang apelyido sa *Catalogo alfabetico de apellidos.*

Binago rin ng mga Espanyol ang pangalan ng mga pook, *pueblo*, at *alcaldia* na kalimitan ay hinango sa pangalan ng mga patron at santo.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali.

___________`1. Dala ng mga Espanyol ang *Doctrina Christiana*, ang unang aklat sa Pilipinas na naglalaman ng mga dasal.

___________ 2. Kasabay ang pagdating ng iba't ibang prutas at gulay mula sa Kanluran ay ang pagpapakilala ng sari-saring lutuing Espanyol sa mga Pilipino.

___________ 3. Layunin ng mga kolehiyong kababaihan ay upang maihanda ito sa pag-aasawa o pagpasok sa kumbento.

___________ 4. Ang mga madre ang nangasiwa sa Sistema ng edukasyong pinairal ng mga Espanyol sa Pilipinas.

___________ 5. Nadagdag sa hapagkainan ng mga Filipino ang mga spaghetti, macaroni salad at bagoong.



# Gawain

**GAWAIN A**

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang konseptong inilalarawan sa bawat aytem.

| | | |
|---|---|---|
| Pananamit at Palamuti | Pagkain o Lutuin | Panitikan |
| Pagpapangalan | Arkitektura | Sining |

1. Nagsusuot ng baro't saya ang mga kababaihan na kalaunan ay naging kimona.___
2. Nagbago ang paraan ng pagpapangalan ng mga Filipino sa kautusan ni Gobernador—Heneral Narciso Clveria Bautista.__________________________
3. Ang San Agustin Church at Manila Cathedral sa Intramuros materyales ay dalawa lamang sa maraming simbahang Katoliko na itinayo ng mga Espanyol sa Pilipinas. ________________________
4. Nalimbag ang Doctrina Christiana noong 1593.__________________________
5. Isa sa mga inukit at ipininta ay ang wangis ng mga santo, Berhing Maria at ilang mahahalagang tagpo ng Bibliya.__________________________

**GAWAIN B**

**Panuto:** Hanapin sa hanay B ang katugmang mga salita na inilarawan sa hanay A. Isulat sa inyong papel ang titik ng tamang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Sayaw na dinala ng mga Espanyol na nagkakaroon iba't ibang bersiyon. | a. *panuelo* |
| 2. Sayaw na nagmula sa Espanya na kinikilala sa bansa na pandanggo sa ilaw. | b. *jota* |
| 3. Ito ang tawag sa sasakyan ng mga imahen ng santo tuwing prusisyon. | c. *peineta* |
| 4. Ang tawag na suklay sa buhok. | d. *carroza* |
| 5. Tawag sa malaking panyo na ipinatong sa balikat. | e. *fandango* |



# Isaisip

Sa malaking pagkakatulad ng tunog ng Spanish at mga katutubong wika tulad ng Tagalog, Ilokano, at Bisaya, naging madali para sa mga (1.)__________________ na matutunan ang wika ng mga (2.)_________________. Idinagdag pa rito ang pagpalaganap ng mga babasahahin sa wikang (3.)______________at may pagsalin nito sa wikang Tagalog. Kinalaunan ang wikang Spanish ay naging bahagi na rin ng wikang (4.)______________ tulad
Ng mesa, silya, litrato, pamilya at kumusta. Samantala, ipinagbabawal ng mga Espanyol ang paggamit ng baybayin sa pag (5.)______________________.



# Tayahin

**I. Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Kailan inilimbag ang kauna-unahang aklat sa Pilipinas, ang *Doctrina Christiana*?
   A. Noong 1535 C. Noong 1935
   B. Noong 1593 D. Noong 1953

2. Alin sa mga ito (*La jota, cariñosa, fandango, callos, rigodon* at *jota.*) ang hindi napabilang sa pangkat?.
   *A. callos B. fandango C. La jota D. rigodon.*

3. Bakit dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang Sistema ng palimbagan?
   A. Nais ni Humabon na magpabinyag sa Kristiyanismo.
   B. Upang mabilis ang pagpapalaganap ng mga aral ng Kristiyanismo.
   C. Dahil nagsabwatan sina Magellan at Humabon laban kay Lapu-lapu
   D. Dahil sinimulan ni Humabon ang ritwal ng sanduguan kay Magellan.

4. Alin sa mga layunin ng Spain sa sistema ng edukasyong pinairal ng mga Espanyol sa Pilipinas?
   A. Pagkuha ng likas na yaman
   B. Pagpapaunlad ng ekonomiya ng kolonya
   C. Turuan upang magpapalaganap ng kriminalidad sa ating bansang Pilipinas.
   D. Turuan ang mga Filipino upang mamuhay ayon sa pamamaraang Kristiyano.

5. Ano ang ginawa ng mga Espanyol sa mga apelyido ng mga sinaunang Filipino?
   A. Binigyan ng mahahabang apelyido.
   B. Dinagdagan ang kanilang apelyido.
   C. Binigyan ng apelyidong Espanyol ang mga Filipino.
   D. Binigyan ng magagandang apelyido ang mga katutubo.

6. Anong pagbabagong kultural ang nagdudulot sa atin ng malaking impluwensya?
   A. panghahanapbuhay
   B. sasakyang pandagat
   C. pananamit at palamuti
   D. mga magagandang tanawin

7. Bakit madaling natutunan ng mga Filipino ang pagtugtog ng mga instrumenting pang musika?
   A. Dahil madali lang gamitin
   B. Dahil matalino ang mga Filipino
   C. Sapagkat sila ay tinatatakot ng mga Espanyol
   D. Sapagkat kahalintulad ito sa mga instrumentong katutubo

8. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nabago sa kultura ng mga Filipino?
   A. Lutuin
   B. panitikan
   C. Katutubong sayaw
   D. Kimona o pambansang suot ng babae

9. Alin sa mga sumusunod ang WALANG kaugnayan sa paraan ng pagpapasailalim ng mga Espanyol sa Pilipinas?
   A. Pinangasiwaan ng encomendero ang mga katutubong nagpasakop sa Spain.
   B. Binigyan ang mga katutubo ng karapatang mamuhay na may kalayaan sa gusto nila.
   C. Ginamitan ng pwersang militar upang mapasunod sa mga patakaran ng Espanyol.
   D. Pinagsama-sama ang kanilang tirahan sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol.

10. Ano ang ginawang hakbang ng mga Espanyol upang mapabilis ang pagpapalaganap ng mga aral ng Kristiyanismo sa bansa?
    A. Dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang kanilang bibliya.
    B. Dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang kanilang panitikan.
    C. Dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang sistema ng palimbang.
    D. Dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang sistemang edukasyon sa bansa.



# Karagdagang Gawain A

**Panuto:** Unawain at saguting mabuti ang inilahad sa ibaba. Gawing gabay ang rubrik para
sa pagkuha ng puntos. ***(10 puntos)***

**RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Mahusay (8)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (6)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (4)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos (2)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |

Tayo'y napabilang sa makabagong henerasyon ngayon, kung bibigyan ka ng pagkakataong ibalik ang dating kultura ng mga sinaunang Filipino lalong-lalo na ito'y tungkol sa suot ng mga kalalakihan (*bahag*) kaya mo bang suotin sa buong buhay mo? Bakit?

Sagot:________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

# Karagdagang Gawain B

A. **Pagbuo ng Salita**. Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat sa kuwarderno ang iyong mga sagot.
   1. Sapilitang paglipat ng tirahan ng mga katutubong Filipino sa mga kabayanan R _ _ _ _ _ _ _ _
   2. Unang aklat sa Pilipinas na naglalaman ng mga dasal na isinalin sa wikang Tagalog._ _ C _ _ _ _ A _ H _ _ _ _ _ _ N _

3. Antas ng mga Filipino na kinabibilangan ng mga inapo ng mga datu at maharlika, mayayamang hacendero, o may-ari ng lupa, at mga pinuno at dating pinuno ng pamahalaan local
   _ _ _ _ C _ _ _ L _ _
4. Unang paaralang itinayo ng mga prayle kung saan itinuturo ang mga asignaturang tulad ng relihiyon, pagsulat, pagbasa, aritmetika, musika, sining at mga kasanayang pangkabuhayan. Paaralang ____
   P _ _ _ _ _ O _ _ _
5. Isang uri ng tirahan na Malaki at matibay na naging simbolo ng antas ng pamumuhay ng isang pamilya
   B _ _ _ _   _ _   B _ _ _

B. **Pagsagot sa Tsart**. Paghambingin sa isang tsart ang aspektong panlipunan at pangkultura noong sinaunang panahon kumpara sa panahong kolonyal. Gawing batayan ng paghahambing ang sumusunod.

1. Panahanan
2. Antas ng Lipunan
3. Kababaihan
4. Pananamit at Palamuti
5. Musika at Sayaw
6. Lutuin
7. Panitikan
8. Edukasyon

C. **Patunayan Mo**. Basahin ang pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos ay patunayan ang bawat pahayag sa pamamagitan ng pagbuo sa mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Maraming pagbabago ang naganap sa pamumuhay ng mga Filipino noong Panahon ng Espanyol.
   a. Ang panahanan ng mga Filipino ang naging____________________.
   b. Malaki ang naging impluwensya ng Kristiyanismo sa buhay ng mga Filipino dahil_________________________.
   c. Binago sa mga Filipino ang ________________________.
2. Nagbago rin ang kalagayan ng kababaihan sa lipunan noong panahon ng kolonyaismo.
   a. Sa loob ng tahanan, ang mga babaeng Filipino ay _______________.
   b. Sa aspekto ng paniniwala, ang kababahihan ay naging _________.
   c. Sa pangkalahatan, ang katayuan ng kababaihang Filipino sa panahong ito ay______________.

3. Malaki ang epekto ng pagbabagong panlipunan at pangkultura ng mga Filipino sa Panahon ng Espanyol.
   a. Para sa akin ang mabuting epekto ng mga pagbabagong ito sa mga Filipino ay ____________________.
   b. Bagama't may mabuting naidulot ang pagbabagong ito ay hindi nakabuti ang_____________________.
   c. Bilang Filipino ay dapat na_________________________.

# *Susi saPagwawasto*

BALIKAN

1. B
2. A
3. C
4. A
5. C

Pagyamanin

1. T
2. T
3. T
4. M
5. M

Gawain

**Gawain A**

1. pananamit at palamuti
2. pagpapangalan
3. arkitektura
4. panitikan
5. sining

**Gawain B**

1.jota
2.fandango
3.carroza
4.peineta
5.panuelo

Tayahin

I.

1. B
2. A
3. B
4. B
5. C
6. C
7. D
8. D
9. C
10. C

**Isaisip**

1. Filipino
2. Espanyol
3. Spanish
4. Filipino
5. sulat

## *Sanggunian:*


Karapatang-sipi ©2016 ng Vibal Group, Inc., pp.192-198

1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines.


***Photo Credits:***

https://www.google.com/search?q=kulturang+ng+mga+pilipino&tbm=isch&ved=2ahUKEwjagpX21s7tAhVmE6YKHbjFBRIQ2-cCegQIABAA&oq=kulturang+ng+mga+pilipino&gs_lcp=CgNpbWcQAzIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeOggIABAIEAcQHlDTZFjzcWCsemgAcAB4AIAB4AKIAaQLkgEHMC4yLjMuMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=YfzXX5rOGOammAW4i5eQAQ&bih=624&biw=1349&hl=fil#imgrc=DcSoe8nzfBgRVM&imgdii=KFoCaWs_pBvkFM

https://www.google.com/search?q=banal+na+santatlo&tbm=isch&ved=2ahUKEwju96uF187tAhUP0ZQKHaL0DvIQ2-cCegQIABAA&oq=banal+na+santatlo&gs_lcp=CgNpbWcQAzIECAAQEzoECCMQJzoFCAAQsQM6AggAOgcIIxDqAhAnOgQIABBDOgcIABCxAxBDOggIABAFEB4QEzoICAAQCBAeEBNQsNEMWMnNDWDc2g1oAnAAeACAAYcHiAHhLJIBDjAuNC4xMC4yLjEuMS4xmAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWewAQrAAQE&sclient=img&ei=gfzXX66zDo-i0wSi6buQDw&bih=624&biw=1349&hl=fil#imgrc=Sc-FFj3xIOHQyM

https://www.google.com/search?q=moses&tbm=isch&ved=2ahUKEwjwp87y187tAhUODpQKHbgYDAcQ2-cCegQIABAA&oq=moses&gs_lcp=CgNpbWcQAzICCAAyAggAMgIIADICCAAyAggAMgIIADICCAAyAggAMgIIADICCAA6BwgjEOoCECc6BAgjECc6BQgAELEDULyNA1ibqwNg37gDaAFwAHgEgAHoA4gB-hSSAQkwLjQuMS4xLjOYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ7ABCsABAQ&sclient=img&ei=Zv3XX_DcF46c0AS4sbA4&bih=624&biw=1349&hl=fil#imgrc=F_PQ7B5AkRtJRM

https://www.google.com/search?q=menudo&tbm=isch&ved=2ahUKEwim_vyqmM3tAhVCEYgKHS4eCokQ2-cCegQIABAA&oq=menudo&gs_lcp=CgNpbWcQAzIECAAQQzICCAAyAggAMgIIADICCAAyAggAMgIIADICCAAyAggAMgIIADoHCCMQ6gIQJzoFCAAQsQNQjExYvXRgh3poAXAAeACAAecLiAHrKZIBDzItMS4xLjAuMi4xLjEuMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nsAEKwAEB&sclient=img&ei=iDTXX6aaPMKioASuvKjICA#imgrc=SCCKuzqFGtjjxM

https://www.google.com/search?q=callos&tbm=isch&ved=2ahUKEwjX7My2mM3tAhUyMHAKHSI_BHYQ2-cCegQIABAA&oq=callos&gs_lcp=CgNpbWcQAzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJ1DO0RVY0KcWYICrFmgBcAB4AIABAIgBAJIBAJgBCqABAaoBC2d3cy13aXotaW1nsAEKwAEB&sclient=img&ei=oTTXX5eYFrLgwAOi_pCwBw

https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.ladybehindthecurtain.com%2Fchicken-chili-relleno%2F&psig=AOvVaw1t8bKsde0TqdafLSGP0Ak8&ust=1608026097349000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCODa_amaze0CFQAAAAAdAAAAABAD

https://www.google.com/search?q=paella&tbm=isch&ved=2ahUKEwiLqeyTms3tAhVJAN4KHegLBgUQ2-cCegQIABAA&oq=paella&gs_lcp=CgNpbWcQAzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJzIHCCMQ6gIQJ1Ci7gtY0ZwMYO2oDGgBcAB4AIABAIgBAJIBAJgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nsAEKwAEB&sclient=img&ei=cTbXX8usFcmA-Abol5go

https://www.google.com/search?q=afritada&tbm=isch&ved=2ahUKEwia3M_4ms3tAhUFEYgKHQGKBH4Q2-cCegQIABAA

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region I

Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.